



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-80 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA 26 NG ENERO, 2021 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Gualberto V. Magno	- Tagapangulo
Kgg. Jerwin S. Dimapilis	
Kgg. David D. De La Cruz	
Kgg. John John S. Yason	
Kgg. Robert S. Quiatchon	
Kgg. Lucille T. Bacay	
Kgg. Juan Rafael M. Talens	
Kgg. Ronel S. Sescar	
Kgg. Celso M. Dimapilis	- Pangulo, Liga ng Barangay
Kgg. Elmira May V. Tarac	- Pangulo, SKMF

Hindi Nakadalo:

Kgg. Agustin L. Cusi

KAPASYAHAN BLG. 390
Taong 2021

KAPASYAHANG NAGPAPAAROT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA NG YUMAONG DATING PANGALAWANG PUNONG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO, KGG. GONZALO CRETENCIO. SIÑEL, JR.

- SAPAGKA'T ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal sa mahabang panahon ng kanyang buhay ay ikinalulungkot at ipinagdaramdam ng kanyang mga naiwan;
- SAPAGKA'T si Vice Mayor Jun o Vice "Taruc", tulad ng nakagawiang itawag sa kanya ay pumasok sa larangan ng pulitika dahil sa kanyang malinis na hangaring makatulong sa mga kababayan at makatulong sa pag-unlad ng Bayan ng Roxas kung saan dahil sa kanyang ipinamalas na paninindigan at prinsipyo ay nahalal bilang Pangalawang Punong Bayan simula noong Hulyo 1, 1990 hanggang Hunyo 30, 2001;
- SAPAGKA'T sa panahon ng kanyang panunungkulan, ipinalda nya ang dedikasyon sa tungkulin at sinikap na mapanatili ang kapayapaan at kaayusan ng bayan sa pamamagitan ng pagpapalral sa mga itinakdang batas;
- SAPAGKA'T bilang Pangalawang Punong Bayan, si Vice Mayor Jun ay nag-ukol din ng panahon at kakayahan upang paunlarin ang bayan ng Roxas sa pamamagitan ng pakulopag-ugnayan sa mga namumuno sa pamahalaang nasyonal at gayundin ang pakikipagtulungan sa mga mamamayan, pagdinig at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiyasay sa pamumuhay;

GUALBERTO V. MAGNO

For: *F. Talens*
FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKA'T si Vice Mayor Jun ay naging isang mahuti, responsable at mapagmahal na ama sa kanyang mga anak, mapagmahal na lolo sa kanyang mga apo at mapagmahal na asawa sa kanyang kaniyak kung saan ang kanyang paglisan ay lubhang dinaramdam ng mga naiwan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng bayanang ito, ang mga namumuno at mga kawani ay lubos na nagpapahayag ng pagkilala at pasasalamat sa lahat ng mga kabutihan at paglilingkod ni Vice Mayor GONZALO C. SIFIEL, JR. kasabay ng pagpapaabot ng tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang mga naulila.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Jerwin S. Dimapilis at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ng yumaong naging Pangalawang Punong Bayan ng Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, Kgg. Gonzalo C. Sifiel, Jr.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang maybahay Gng. Elma Cabrera Sifiel, mga anak, mga apo at mga kaanak ng namayapang KGG. GONZALO CRETENCIO. SIFIEL, JR. lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay: 26 Enero 2021

PINATUTUNAYANG WASTO:

for Mufali
FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


GUIBERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan

mer/01112021